Ang Kailangan Mo Upang Ma-Complete AngAplikasyon Para sa Tulong sa Mga Gastos sa Plano ng Medicare Prescription Drug (de-resetang gamot ng Medicare)

2011

Nagtutulungan ang *Social Security at Centers for Medicare & Medicaid Services* upang maikuha ka ng Karagdagang Tulong sa iyong mga gastos sa de-resetang gamot. Kung limitado ang iyong mga ari-arian at kita, maaring kwalipikado kayo para sa Karagdagang Tulong para sa mga gastusin—mga buwanang premium, taunang deductible, at co-payment ng reseta—na may kinalaman sa isang plano ng Medicare sa de-resetang gamot. Upang malaman kung maaaring kwalipikado ka para sa Karagdagang Tulong na ito, kailangang malaman ng Social Security ang iyong kita at ang halaga ng iyong savings, investments (mga pamumuhunan), real estate (maliban sa iyong tahanan), at inyong kita.

Upang maging kwalipikado para sa Karagdagang Tulong:

- Nakatira sa isa sa 50ng mga estado o sa Disctrict of Columbia;
- Ang iyong mga ari-arian ay dapat hanggang $12,640 para sa isang tao ($25,260 para sa mag-asawang magkasamang naninirahan). Kabilang sa ari-arian ang mga bagay tulad ng mga account sa bangko, stocks at bonds. Hindi namin binibilang na ari-arian ang iyong tahanan, sasakyan, at anumang policy ng life insurance; at
- Ang iyong taunang kita ay dapat hanggang $16,335 para sa isang tao ($22,065 para sa mag-asawang magkasamang naninirahan). Kahit na mas mataas ang iyong taunang kita, maaaring makakuha ka pa rin ng kaunting tulong sa iyong mga buwanang premium, mga taunang deductible, at mga kabahaging bayad sa de-resetang gamot. Ang ilang mga halimbawa kung saan ang iyong kita ay maaaring mas mataas ay kung ikaw o ang iyong asawa ay:
  - —Nagbibigay-suporta sa ibang mga kapamilya na nakatira kasama mo;
  - —May mga kita mula sa trabaho; o
  - —Nakatira sa Alaska o Hawaii.

Ang dapat mong malaman

Upang mag-apply para sa Karagdagang Tulong kailangang i-complete ninyo ang *Application for Extra Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs* (Form SSA-1020) ng Social Security. Makatutulong sa iyo ang mga worksheet na nasa kabilang pahina na mag-desisyon kung karapat-dapat kayo at makatutulong sa iyong i-complete at tunay na application sa Karagdagang Tulong. Ang worksheet ay hindi application. Upang maghanda:

- Alamin niyo ang mga bagay na pag-aari mo mismo, ng iyong asawa o ng iba, ngunit huwag isama ang iyong tahanan, mga sasakyan, mga libingan, mga policy sa life insurance, o mga personal na pag-aari.
- I-review mo ang lahat ng iyong kita.
- Ipunin nang nauuna ang lahat ng iyong mga record upang magtipid ng oras.

Kabilang sa mga dokumentong makakatulong sa iyo na maghanda nang nauuna:

- Mga statement na nagpapakita ng iyong balanse sa account sa mga bangko, mga credit union o ibang mga institution ng pananalapi;
- Mga statement ukol sa investment (pamumuhunan);
- Mga statement ng policy sa life insurance;
- Mga certificate sa stocks;
- Mga tax return;
- Mga sulat tungkol sa paggawad ng pension; at
- Mga payroll slip.

Papaanong makatutulong ang mga ahensiya ng State sa aking gastos sa Medicare?

Kapag nag-file ka sa Karagdagang Tulong, maari din niyong umpisahan ang paraang pag-apply sa mga Medicare Savings Program—mga program ng State na nagbibigay ng tulong para sa iba pang gastusin sa Medicare. Ipadadala ng Social Security ang impormasyon niyo sa iyong State maliban sa sabihin niyo sa amin na huwag, sa application ng Karagdagang Tulong. Mako-contact ang State sa iyo upang tulungan kayong mag-apply sa isang Medicare Savings Program.

Paano ka makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng Karagdagang Tulong sa iyong mga gastos sa plano ng Medicare prescription drug, bisitahin ang ***www.socialsecurity.gov/extrahelp*** o tumawag sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**).

Maaari kang mag-apply online para sa Karagdagang Tulong sa ***www.socialsecurity.gov/extrahelp***; tawagan ang Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) upang maka-apply sa pamamagitan ng telepono o humiling na mag-mail sa iyo ng application; o bisitahin ang tanggapan ng Social Security sa inyong lugar. May mga kinatawan ng Social Security na tutulong sa iyo sa pag-complete ng iyong application.

Kung kailangan niyo ng impormasyon tungkol sa mga Medicare Savings Programs, plano ng Medicare sa de-resetang gamot, kung papaanong mag-enroll sa isang plano, o para humiling ng kopya ng handbook na *Medicare & You*, bisitahin ang ***www.medicare.gov*** o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**); TTY **1-877-486-2048**). Pagtumawag ka, maari kang humiling ng impormasyon kung papaano niyo ma-contact ang State Health Insurance Assistance Program (SHIP). Makatutulong ang SHIP sa iyong mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot. Maari din niyong mahanap sa iyong handbook ng Medicare ang impormasyong pang-contact sa SHIP sa inyong lugar o kunin ang impormasyon nang online sa ***www.medicare.gov/contacts/staticpages/shipsorganization-search-criteria.aspx***.

Kailangan namin ang kanilang impormasyon (at ng kanilang asawa, kung may asawa sila at magkasamang naninirahan) tungkol sa kita at mga pag-aari at kita:

Mga Pag-aari	Halaga
Mga account sa bangko, kabilang ang checking, savings at mga sertipiko ng deposit	$ _____
Stocks, bonds, savings bonds, mutual funds, mga indibiduwal na account ng pagreretiro (mga IRA) o ibang mga investment (pamumuhunan)	$ _____
Salapi sa tahanan o kahit saang lugar	$ _____
Anumang real estate maliban sa iyong tirahan	$ _____

Kita	Buwanang Halaga
Mga benepisyo sa Social Security	$ _____
Mga benepisyo sa Railroad Retirement	$ _____
Veterans benefits	$ _____
Iba pang mga pensiyon o annuities	$ _____
Alimony	$ _____
Netong kita sa pagpapa-upa	$ _____
Worker's compensation	$ _____
Iba pang kita (mga pribado o State disability payment)	$ _____

Kita	Taunang Halaga
Mga Sahod	$ _____
Netong kita mula sa sariling pag-empleyo	$ _____

Maaari kang magpatulong sa iba kapag nakikipagtalakay ka sa Social Security. Makikipagtulungan kami sa taong iyon, katulad ng pakikipagtulungan namin sa iyo.

Social Security Administration
SSA Publication No. 05-10128TL
January 2011
WEB ONLY